

1

“Damn this traffic!” Natampal ni Janine ang manibela ng kotse nang ilang minuto na ay bahagya lang na umuusad ang daloy ng traffic.

Sinulyapan niya ang relo; alas diez y quince na. Kung hindi nga lang niya gustong makausap nang personal ang tiyahin, hindi siya pupunta sa San Quintin.

Napakaabala niya. Buong maghapon niya ay de-oras. At minsan ay kailangan pang ipaalala ng sekretarya niya ang pagkain pag nalampasan niya ang oras.

Napabuga siya ng hangin nang bumilis ang usad ng traffic. Sinimangutan niya ang nalamang sitwasyon nang makita ang sanhi ng mabagal na trapiko. Isang PUJ na nagbibiyahe ng kamatis ang gumiwang at ilang tiklis niyon ay sumabog sa kalsada.

Walang grabeng disgrasya kung tutuusin. Ang nagpalala ay ang pag-uusyoso ng mga motorista. Halos lahat ay nagmemenor para lang tingnan ang sumabog na mga kamatis.

“Damn!” muli ay iritadong usal niya. Diniinan

niya ang tapak sa accelerator at nagmamadaling lumagpas doon.

Ilang sandali pa at nasa *Villa Crispina* na siya. Hindi na niya kinailangang bumusina nang matanaw ang pinsan na nakatambay sa terasa. Mabilis nitong ibinaba ang tinitipang gitara at binuksan ang gate nang makilala ang sasakyan niya.

“Ate Jan! Gabi na, ah,” bati ni Lawrence matapos muling isara ang gate at sumunod sa kanya. “Napasugod ka?”

Umiling ito. “Wala. Umalis sila ni Daddy. Kung importanteng makausap mo sila, wala kang choice kundi matulog dito. Baka umagahin sila. Birthday party ni Gob.”

Napatango siya at bumaba ng sasakyan. Hindi na kailangan ng pinsan ng elaboration. Malapit ang pamilya nito sa gobernador. Ang Tito Juancho niya ay mula sa angkan ng politicians na kasing-tanda na marahil ng probinsya.

“Magmerienda ka.” Iniabot niya rito ang isang kahon ng pastries na binili sa *Dulcinea*. “Bahala ka nang magtabi kung may ititira ka pa,” pabiro niyang dugtong.

Napakamot ito ng ulo pero nakangisi. Mukha

itong binatang tingnan sa taas na five-eleven pero third year high school pa lang.

Derecho siyang nagtuloy sa isang kuwarto. Kanya pa rin ang lugar na iyon kahit na mula nang magtrabaho sa Maynila ay madalang na siyang umuwi.

Palaki siya ni Elaine, kaisa-isang kapatid ng kanyang ina. Sa abroad nagtrabaho ang kanyang ama, umuuwi kada apat na taon. At ang ina niya ay public school teacher; maambisyon ito. Kapag araw ng Sabado ay nag-aaral ito ng post-graduate degree. Ang araw ng Linggo ay nauubos sa paggawa ng lesson plan at pagsusulat ng master's thesis. Kakaunti ang oras na naiuukol sa kanya.

Kay Elaine siya madalas maiwan. Pharmacist ang tiyahin niya, may sariling maliit na botika sa bayan. Hindi sagabal ang trabaho nito para hindi siya mabigyan ng atensyon hanggang sa masanay siyang ito ang laging kasama.

Dalaga pa ito ay alaga na siya. Natatandaan niyang nililigawan ito ni Juancho ay sinusuyo rin siya. Kanya ang tsokolate at bulaklak na lang sa kanyang tiyahin.

Nang magpakasal ang dalawa ay instant anak

ang nangyari sa kanya. Hindi siya payag na hindi na makakatabi ang tiyahin. Walang magawa si Juancho kundi ang kupkupin din siya.

Tanggap naman siya ng lalaki. Anim na taon na siya noon at marunong nang pagsabihan. Unti-unti ay naunawaan niyang dapat ay nakabukod na siya ng higaan.

Nang magsimulang mag-aral si Janine ay kinukuha siya ng ina pero hindi siya sumama.

“Kay Mama Elaine ako! Gusto ko kay Mama Elaine!” palahaw niya noon.

Lalo siyang napamahala sa tiyahin at nalubos ang atensyon nito sa kanya nang pinahinto itong magtrabaho ng asawa at sa bahay na lang ito. Ang botika ay pinamahala sa isang pinsan at minsan sa isang linggo kung dalawin nito.

Hanggang sa tuwing bakasyon na lang niya nakakasama nang matagal-tagal ang ina. Hindi niya alam kung ang hindi pagsama sa ina ang nagtulak dito para kumuha ng doctorate degree. Nabalitaan niya na district superintendent na ito. She was proud of her mother, pero sa puso ay di-maikakailang mas matimbang ang pagtingin niya kay Mama Elaine.

Umuuwi pa rin siya sa Santa Teresita pero

madalang. Her father was home for good nang tumuntong siya sa high school. Nagtayo ito ng hardware store at habang abala ang kanyang ina sa mga obligasyon nito sa eskuwelahan, abala rin ang ama sa pagpapalago ng negosyo.

Wala siyang resentment sa klase ng kanilang setup. But if she were asked where her home was, isa lang ang isasagot niya – kay Mama Elaine.

Nalukot ang ilong ni Janine nang maamoy ang pantulog na ipapalit sa suot na business suit. Amoy-cabinet ito, palatandaang matagal na ring hindi siya nakakauwi.

Matapos ang night rituals ay isinuot niya ang pantulog, nahiga at ipinahinga ang katawan dahil wala na siyang magagawa. Masuwerte nang makausap niya sa almusal ang tiyahin gayong uumagahin ang mga ito sa pag-uwi.

Napipikit na siya nang kumatok ang pinsan.

“Nandiyan na sila. Himala nga at maagang umuwi,” anito.

Nagulat ang mag-asawa sa pagdating ng pamangkin, subalit naroon din ang katuwaan na

makita siya. Binigyan niya ng tig-isang halik sa pisngi ang mga ito.

“Ilang buwan kang hindi nauwi, Janine,” ani Juancho.

“Maraming trabaho sa opisina, Tito.”

“Puro trabaho. Baka makalimutan mong mag-asawa niyan. Nang huli kang dumalaw dito, sabi mo’y wala ka pa ring boyfriend. Ngayon ba ay meron na?”

Nakatawa siyang umiling.

Natawa rin ito at saka nagpaalam nang papasok sa kuwarto. Kita sa namumula nitong mukha na marami itong nainom sa kasayahang dinaluhan.

“Magbibihis lang ako, Janine,” ani Mama Elaine at sumunod na sa asawa.

Nakapantulog na ito nang bumalik sa sala. Nagtatanggal ito ng makeup habang kinakausap siya.

“Problema, Jan?”

“Hindi naman problema kung tutuusin. Tumawag si Mommy kanina at naguguluhan ako sa sinabi.”

“What is it?”

“Hindi raw sila magkasundo ni Daddy. Imagine,

silang dalawa roon ay hindi pa magkasundo? Kung kailan nagsitanda ay saka magreklamo ng incompatibilities nila. Ang gusto nila ay umuwi ako.”

“Eh, di sumaglit ka man lang.”

“I can’t!” aniya na may kasamang pag-iling. “I’m so busy these days, Mama Elaine. Kung may mapapabayaang akong isang trabaho ay magiging butas sa akin iyon. Alam mo namang puro intriga sa opisina.”

“Hindi mo naman kailangang magpakamatay sa pagtatrabaho. Sukat ibuhos mo ang lahat ng oras mo riyan. Puwede ka naman sa Zamora City.” Ang tinutukoy nito ay ang kaisa-isang siyudad sa probinsya nila. “Ilang beses na bang inalok sa iyo ng Tito Juancho mo ang managerial position ng hotel doon na isa siya sa mga major stockholders?”

Tipid siyang ngumiti. “Sanay na ako sa stiff competition sa Maynila. Baka kung dito ako magtatrabaho, ma-bore ako.”

“Bakit, magkaiba ba ang customer relations doon at dito?” Umarko ang kilay ng tiyahin. Kahit na sabihing manager na siya ng isang prestihiyosong hotel sa Maynila, mas gusto nitong sa probinsya siya magtatrabaho.

Hindi naman minamaliit ni Janine ang pagtatrabaho sa probinsya, pero nakagamayan na niya ang buhay sa Maynila. Stable na ang kanyang career at loyal siya sa kompanya.

Nang matapos siya ng *cum laude* sa kursong HRM ay ang kompanya mismo ang tumawag sa kanya. At may hinahabol siyang promotion. Kung hindi mahahaluan ng pamumulitika, tiyak na mapapasakanya ang managerial position sa isang higit na malaking departamento.

“Ang problema kasi kina Mommy, puro trabaho nila ang napagtutuunan ng pansin. ‘Tapos, maliit na bagay na lang ay pinalalaki pa,” reklamo niya.

Tumitig sa kanya si Mama Elaine. “Kailan mo naman nakitang nagkaroon ng effort ang mga magulang mo na magkasama nang matagal? They’re incompatible sa simula’t simula pa.”

“Di sana’y hindi sila nagpakasal!”

“May magagawa ba si Ate Emy sa lolo mo? Iyan kasing daddy mo, si Tatay ang niligawan nang husto. Kaya kasal na sila ay hindi pa rin magkasundo, ‘ayun, napilitang mag-abroad na lang.”

“Don’t tell me na sa edad nilang ‘yon ay saka nila gugustuhing maghiwalay?” tanong niya, di-

makapaniwala.

“Hindi naman siguro. Baka naghahanap lang ng simpatya sa iyo ang mommy mo. Dumalaw ka roon. Hindi kasi sapat ‘yung tumatawag ka lang.”

“Hindi ko magagawa iyon sa susunod na dalawang linggo.”

“Pilitin mo.”

Wala siyang nagawa kundi ang mangako.

Bago pa sumikat ang araw ay sakay na uli ng segunda-manong 1998 *Nissan Sentra* si Janine. Kailangang bago mag-alas-ocho y media ay nasa Makati na siya. May importante siyang appointment ng alas nueve at kailangang mabasa muna niya ang proposal nito.

Alas ocho nang tawagan niya sa cellphone ang sekretarya.

“Agnes? Yes, this is Janine. Pakihanda na sa mesa ko ang papel ni Mr. Ty. Nandito na ako sa Ayala. And please, pakikuha na rin ako ng almusal sa ibaba. Gaya ng dati.”

“Ham and bacon? Okay, Jan,” sagot nito.

Magkaibigan ang turingan nila ng babae kaya first name basis lang ang tawagan nila.

Habang nagbibiyahe ay nasa isip pa rin niya ang pagdalaw sa mga magulang. Funny, nang nakaraang gabi ay nakuha niyang magmaneho ng higit sa dalawang oras para makita lang ang tiyahin, subalit ngayon ay namomroblema siya sa oras na ibibigay sa mga magulang.

Napapitlag siya nang mag-ring ang cellphone. Mabilis niyang sinagot iyon nang makita kung saan galing ang tawag; kay Mama Elaine.

“Hello?” May bumundol na kaba sa dibdib niya.

“Janine, you have to drive back here now.”

“Bakit?” Lalong lumakas ang kabog ng kanyang dibdib.

Dinig niya ang paghinga nito nang malalim. “N-naaksidente ang mga magulang mo. Nasa *Doctor’s Hospital*. Patawirin.”

Natulala siya pero mabilis na nagpakatatag. Tinawagan uli niya si Agnes para sabihin ditong i-cancel ang kanyang mga appointments dahil sa emergency.

Habang bumibiyahe pabalik ay natutuliro siya sa

pag-aalala. Panay ang dasal niya para sa kaligtasan ng mga magulang.

Mag-a-alas-onse na nang makarating siya sa ospital. Sinalubong siya ni Lawrence na nasa lobby.

“Ate Jan...” Puno ng simpatya ang tinig nito.

“Where are they?”

Tingin niya ay nadungo ang pinsan, yumuko ito. Noon dumating si Juancho. Ito ang kumausap sa kanya.

“They are gone, Janine.”

May lamig na gumapang sa buong katawan niya. Saka tila nagdilim sa kanya ang lahat.

2

Makalipas ang dalawang araw ay inilibing na ang mga magulang ni Janine. Madalas ay nakatitig siya sa kawalan. Hindi pa rin siya makapaniwala na sa isang iglap ay mawawala ang kanyang mga magulang.

Though they were not close, nasa dibdib niya ang sakit ng pagkawala ng mga ito. At panghihinayang dahil nalaman niyang gumagawa rin naman pala ng paraan ang mga ito para maiayos ang relasyon.

Ihahatid sana ng kanyang ama ang nanay niya sa isang meeting nang salpuhin ng isang truck ang kotse ng mga ito. Faulty brakes ang lumabas sa imbestigasyon.

Gusto niyang ma-guilty dahil sa pag-urong-sulong siya sa pagdalaw sa mga ito. Parang sinusurot tuloy siya ng konsyensya.

“Janine, kailan mo balak bumalik sa trabaho?” tanong ni Mama Elaine.

“As soon as possible,” matamlay niyang tugon. “Wala naman akong ibang gagawin rito. Malulungkot lang ako.”

“Asikasuhin mo ‘yung naiwan nina Ate Emy sa Santa Teresita.”

Umiling siya. “Bigyan na lang kita ng power of attorney. Ikaw na bahalang mag-ayos ng mga benefits niya sa *GSIS*. Hindi ko naiintindihan ang finances nila. At ‘yung hardware, ano ba’ng alam ko sa pagpapatakbo n’yon?”

“HRM graduate ka. Basically, management pa rin iyon,” sabad ni Juancho.

Lumipad ang tingin niya rito. “Pero, Tito, the point is—”

“Hindi iyon ang hilig mo,” salo nito. “Ano ngayon ang gagawin mo? Nag-iisa kang anak at sa ayaw at sa gusto mo, sa ‘yo mauuwi ang mga naiwan ng mga magulang mo.”

“Hindi ko pa alam kung ano ang uunahin,” naguguluhan niyang sagot.

“Bakit hindi ka muna magbakasyon? Dadagdagan mo lang ang pressure sa sarili mo kung papasok ka na agad sa trabaho. Doon ka na muna sa farm natin,” suhestyon nito.

“I’ll think about it.” Hindi na niya gustong makipagtalo. Alam niyang concerned ang mga ito

kaya pinipilit siyang magbakasyon muna.

Maghapon ay pinag-isipan niya ang gagawin. It was only practical to give up the hardware. Kailangan niya ang tulong ng tiya. Ipapabenta niya iyon dito. Marami itong kakilala at hindi mahirap i-sales talk ang naturang negosyo. Kumikita naman ito.

Tinawagan niya si Agnes.

“Jan, kumusta ka na?” concerned na tanong nito.

“I’m fine now. Papasok na ‘ko tomorrow.”

Agnes sighed with relief. “Mabuti naman. Tambak na ang for signatures mo rito. Saka I’ll request something. Although alam kong parang wrong timing pero sasabihin ko na rin. Adrian proposed to me last night. Gusto niya ay makasal na kami agad.”

Napangiti siya. Tauhan din niya si Adrian at kilala niya na maganda ang ugali nito.

“Congratulations!” sincere na bati niya.

“Puwede ba akong mag-leave?” lakas-loob na tanong nito.

“Makakahindi ba ako? Basta, ihanda mo ang mga kailangan ko bukas. I’ll request somebody from HRD para pansamantalang makapalit mo. Gaano katagal

ka bang mawawala?”

“Gusto ko sanang hanggang honeymoon pero alam kong hindi ka papayag.” Mataginting na tawa ni Agnes ang narinig niya. “Uunahin lang naming mag-ayos ng lisensya at mag-seminar. Then, puwede na ulit mag-report sa trabaho.”

“Okay. Bukas na natin i-finalize ‘yan.”

“Thank you, Janine.”

Sinabi niya kay Mama Elaine ang desisyon. Wala itong nagawa kundi sumang-ayon.

Alas cinco pa lamang nang madaling-araw ay papalabas na ang kotse ni Janine sa *Villa Crispina*. Madalang pa ang sasakyan sa highway. Still, she drove with extra care.

Pinanlakihan siya ng mga mata nang makita ang isang *Pajero* na makakasalubong. Napakabilis ng pagdating niyon at walang direksyon. At halos masakop ang magkabilang linya sa paese-eseng pagmamaneho.

Mabilis ang reflexes na kinabig niya ang manibela para rumampa sa island, subalit inabot pa rin ang hulihan ng sasakyan niya. Parang may pumitik doon

at nawalan siya ng kontrol.

Ipinikit na lang niya ang mga mata nang makitang konkretong poste ang mababangga niya.

Nasubsob si Janine sa manibela sa lakas ng impact. Nanlabo ang kanyang paningin at napahawak siya sa nagdugong noo. Nakadama rin siya ng kirot doon. Nagpilit siyang makababa. Nasugatan siya ng nabasag na salamin.

May ilang motoristang huminto at tinulungan siyang makababa.

Bago siya nawalan ng malay sa mga bisig ng isang samaritano ay narinig niya ang ilang salitaan.

“Tingnan ninyo ‘yong nasa isang sasakyan! Mas grabe yata ‘yon!”

Awtomatikong humaplos sa sariling noo ang kamay ni Janine nang magkamalay siya. May kirot na sumigid doon. Naramdaman niya ang kung anu-anong nakakabit sa katawan.

May isang IV siya sa isang kamay. Sa kabila ay may gasa, kagaya ng nakakabit sa sugatan niyang noo.

“Janine,” masuyong tawag ni Mama Elaine nang makitang kumilos siya.

“Mama Elaine.” Idinilat niya ang mga mata.

“Thank God, walang grabeng pinsala sa iyo! Ninerbyos ako. Hindi ko lubos-maisip na mangyayari ito sa pagitan lang ng ilang araw!”

“Don’t worry.” Ngumiti siya. “Okay na ‘ko.”

“Mabuti naman. Mayamaya ay lilipat dito si Mrs. Valenzuela. Hiyang-hiya ‘yong tao sa nangyari sa iyo. Kasalanan naman kasi ng anak niya. Inako nila ang gastos at repair ng sasakyan mo.”

“Mrs. Valenzuela?” Kumunot ang noo niya.

“Hindi mo na siguro sila naaalala. Sabagay, matagal na kasi. Si Gabriel na anak niya ang nakabangga sa iyo. Nandiyan lang siya sa kabilang kuwarto. He’s also out of danger now, maliban sa kailangan pa ng isang buwan bago tanggalin ang cast sa kaliwang binti niya. Uuwi muna ako sandali. Padating na naman si Lawrence. Siya ang magbabantay sa iyo.”

Tumango lang siya. Nang wala na si Mama Elaine ay inulit niya sa isip ang sinabi nito.

Gabriel...? How could she ever forget him?

Classmates sila ni Gabriel sa buong apat na taon ng high school sa *San Quintin Academy*. Pero hindi sila naging magkaibigan. O kahit maging magkalapit man lang.

He was consistently class president. Siya ay secretary. Pareho silang active sa mga school activities. At halos maghati sila sa pangunguna ng mga school clubs.

Presidente siya ng Science at Math Club, editor pa ng school organ. Si Gabriel ay Social Studies at Theater Arts. Naging head din ito ng student body at captain ng debate team. Pero pagdating sa honor roll, nakakaungos siya rito.

They had different circle of friends. Natural na kalalakihan ang laging kasama nito at ang grupo ng mga babaeng ginagawa ang lahat ng pagsisikap na maging *Miss Valentine* at *Miss Academy*.

Siya ay laging nasa isang sulok lang, subsob sa pag-aaral at sa pagiging presidente ng school organizations.

For two consecutive years she attended the prom night, dalawang magkasunod na taon ding nakisaya siya sa ibang estudyante sa pamamagitan ng tingin. Walang magsasabi na pangit siya o ang gown niya.

Pero kulang siya sa appeal. She had a serious image. Matigas, bibihirang ngumiti at nakakaalangan daw siyang lapitan. She wondered kung iyon din ang dahilan kung bakit di sila nagkalapit ni Gabriel.

When graduation came, inaasahan na ng lahat ang pagiging valedictorian niya. Tuwang-tuwa ang mga magulang niya at ang pamilya ni Mama Elaine.

But no one knew, she would have traded all her academic awards for a friendship with the popular debate team captain, Gabriel.

Sino ang mag-aakalang ang class valedictorian ay handang ipagpalit ang mga karangalan para sa simpleng atensyon mula sa lalaki. Wala marahil.

Gabriel. She had a special feeling for him mula't mula pa. Pilit niyang itinago ang damdaming iyon dahil sa kaalamang wala rin siyang mapapala. At hindi niya gustong lalong masaktan kung mabibisto iyon ng iba.

Nang mag-college si Janine ay saka niya naranasan ang maligawan. At noon niya natanto na mali siya sa pag-aakalang hindi siya attractive sa opposite sex. She was just a late bloomer. At hindi siya makapaniwala sa bilang ng mga lalaking gustong umakyat ng ligaw sa kanya.

Pero wala isa man ang nakapagparamdam sa kanya ng tulad ng nadama niya kay Gabriel kahit na hindi na ito nakita pagkatapos nilang mag-graduate sa high school.

Bagaman di na sila nagkikita ay nabalitaan niyang nag-asawa na ito. Gayunman ay nabiyudo ito pagkaraan ng isang taon.

“Gabriel...” usal niya sa pangalan nito.

Di niya alam kung ano ang mararamdaman sa kaalamang nasa malapit lang ito. Ni hindi siya sigurado kung ganoon pa rin ang damdamin niya sa lalaki.

3

Nang makaalis ang nurse na nagtanggap ng IV sa kamay ni Janine ay lumabas siya ng silid.

Namukhaan niya si Mrs. Rosanna Valenzuela na tiyempong papalabas sa kabilang kuwarto. Ngumiti siya. At least, hindi na niya kailangang ipagtanong kung alin ang kuwartong okupado ni Gabriel.

“Hija,” bati nito. “Saan ka pupunta?”

“Gusto ko hong makita si Gabriel. Gising ho ba?”

Atubiling lumingon sa kasasarang pinto ang babae. “He’s asleep, pero puwede kang pumasok. Iyong tungkol sa nangyari, nasabi na siguro sa iyo ni Elaine na kami na ang bahala sa lahat. Pasensya ka na.”

“Hindi naman ho ako masyadong napinsala. At saka aksidente ho iyon. Hindi namin parehong ginusto.”

“Ako ang nahihiya. Lasing si Gabriel at nadamay ka pa. Maabala ka tuloy niyan sa trabaho mo. Sige, maiwan muna kita. May kukunin lang ako sa kotse.”

Dahan-dahang pumasok sa silid si Janine.

Maingat ang mga hakbang na lumapit siya sa kama.

For the first time in eleven years, muli niyang nakita si Gabriel. Kahit na nag-mature ang mukha nito, he was still the most handsome man she had ever seen.

She thought of the first time she saw him. First day ng school noon, ismarteng tumayo ito sa harapan at ipinakilala ang sarili, even said an anecdote na ikinatawa ng buong klase.

Samantalang mahiyain naman siya. Maliban sa sinabi ang sariling pangalan ay wala na siyang ibang binanggit.

At sa maraming taon na nagdaan, tila wala namang nagbago sa kanya. Kung saan nanggagaling ang lakas ng loob niya ngayon para puntuhan ang lalaki sa silid nito ay hindi niya alam. Curiosity maybe. O ang kasabikang dala ng maraming taong hindi niya ito nakita.

Sinuyod niya ng tingin ang mukha nito. Matiim ang ekspresyon nito. There was strength in his face na tila nagtitiis ng kirot na nararamdaman ng katawan. May awtoridad doon.

Bahagyang gumalaw ang talukap ng mga mata nito. May ilang sandaling ginusto niyang

lisanin ang lugar, pero iyon lang ang pagkakataong mapagmamasdan niya nang lubos ang lalaki.

Binusog niya ang mga mata sa pagtitig dito. Nang kumibot ang mga labi ni Gabriel ay napaunat siya. Di niya alam kung paano ipapaliwanag ang presence niya roon kung tatanungin siya nito.

Iniiisip niya kung ano ang dahilan at naglasing si Gabriel. O maaaring wala ring mabigat na rason. Ang problema ay ang pagmamaneho nito nang wala sa tamang huwisyo.

Napalingon siya nang maramdaman ang pagbubukas ng pinto.

“Jan?” bulalas ni Adrian. Kasabay nito sa pagpasok ang ina ni Gabriel.

“Magkakilala kayo?” tanong ng matandang babae.

“She’s our manager, Tita,” tugon nitong tumingin kay Mrs. Valenzuela bago ibinalik ang atensyon sa kanya. “Ikaw ang nakabangga ni Gabriel?”

Tumango siya. “And you? Kaanu-ano mo si Gabriel?”

“He’s my brother-in-law. Sister ko ang namatay niyang asawa. Papasok na nga ako kaninang umaga

nang malaman ko ang nangyari. I filed a vacation leave—”

“You don’t have to explain. Naiintindihan ko naman.” Bumaling siya sa matanda. “Babalik ho muna ako sa kuwarto ko. Baka dumating na ang bantay ko at mag-alala kung nasaan ako.” At umalis na siya.

She was released from the hospital nang hapon ding iyon. At gustuhin man niyang silipin muli si Gabriel ay hindi na niya nagawa.

Tambak na ang trabaho sa opisina nang pumasok siya. Inihatid siya ni Mama Elaine at hindi na siya nakatutol nang pilit nitong iwan sa kanya ang katulong nito. Pabor naman iyon sa kanya. At least, may makakasama siya habang hindi pa nakaka-recover nang husto.

Kung hindi pa si Janine ang nagtulak kay Agnes na magbakasyon ay hindi nito gagawin. Naiintindihan kasi niyang maraming aasikasuhin ang mga ikakasal.

Sa loob ng dalawang buwan ay idinaos ang kasalan. Ang reception ay ginanap sa hotel nila. Dahil nahihiya si Agnes ay siya na ang nagprisintang magbigay ng tulong sa mga ito. Si Adrian ay bihira

niyang makausap nang personal dahil ito ang mas abala sa preparasyon. Nawalan na siya ng balita tungkol kay Gabriel.

Dahil nasa talyer pa ang napinsala niyang sasakyan ay kotse ni Tito Juancho ang ginagamit niya.

Sinulyapan ni Janine ang formal dress na nakasabit sa likuran ng pinto. Bukas ng umaga ang kasal ni Agnes. At dahil gustong matiyak na areglado ang lahat ay ipinasya niyang sa hotel na matulog.

Humiga siya sa kama. Isa sa maraming pribilehiyong nakuha niya ay ang magkaroon ng sariling opisina na may bedroom at toilet and bath.

Maaga pa rin ay bumangon na siya kinabukasan at gumayak na. Simple lang ang ginawa niyang ayos sa sarili. Ang buhok ay hinayaan niyang nakalugay at nilagyan ng gold clip sa isang gilid.

Nang makita ang oras ay dinampian niya ng mild cologne ang mga pulse points saka tinungo ang garden.

Alam niyang may tampo si Agnes sa pagtangga niyang maging maid of honor nito. Bumawi na lamang siya sa perpektong preparasyon sa handaang iyon. Personal supervision ang ginawa niya kaninang bago mag-alas-seis para matiyak na ayos na ayos ang

harding pagkakasalan.

Nasisiyahang minasdan ni Janine ang paligid. Dumating na ang kotse na sinasakyan ng bride kasunod ni Adrian. Hinihintay lang nito ang takdang oras bago bumaba.

Nahawa siya sa kasiyahan ng mga ikinakasal. Panibagong kasiyahan ang nadama niya nang makita si Gabriel. Tanging ito lamang ang latecomer sa pagtitipong iyon.

“Sorry I’m late,” paghingi nito ng dispensa kay Adrian.

“I’m glad you came, Gabby. Meet my wife, Agnes.”

Si Janine ay nakatayo malapit sa kanila. Nang makipagkamay ang binata sa bride at hagkan ito sa pisngi ay napatingin ito sa kanya.

Nagtama ang mga mata nila at pakiramdam niya ay tumigil ang paggalaw ng oras. Napakunot-noo ito na tila kinikilala kung sino siya. Hindi niya alam kung natatandaan siya nito o hindi.

“Janine?” Parang hindi ito makapaniwalang siya ang nakikita. “Is that you?”

Hindi niya malaman ang isasagot.

Tumikhim si Adrian. “I told you, she’s our manager here. And look at this reception. It’s perfect! We owe it all to her.” May pasasalamat na sumulyap ito sa kanya.

“About the accident, I’m sorry for what happened. I—”

“H-huwag nating pag-usapan ngayon ang tungkol diyan.” Sa wakas ay may tinig na lumabas sa kanyang bibig. “Do you have a companion? You have reserved seats there,” turo niya sa kalapit na mesa.

“Mag-isa lang ako. Sumumpong kasi ang hypertension ni Mama. Kung pagbibigyan mo ako, you may join me.” Hindi na ito naghintay ng kanyang sagot. Tiwalang humawak ito sa kanyang siko at iniwan na ang bagong kasal na abala sa pagtanggap ng pagbati sa iba pang bisita.

Gusto niyang mapaightad pero alam niyang magiging katawa-tawa siya. Hindi maituturing na pagsasamantala ng binata ang gawing iyon. Natural ang mga simpleng pagdadaiting tulad niyon sa mga ganoong okasyon.

Pero ang eratikong pagtibok ng kanyang puso ay hindi normal. May init na gumapang sa kanyang gulugod nang dumantay ang balat nito sa siko niya.

At hindi niya alam kung ano ang gagawin para maitago ang pakiramdam na iyon.

“Sabi ni Mama ay sumilip ka sa akin sa ospital. I wanted to return the favor pero wala ka na kinabukasan.”

“I was discharged from the hospital that day. Ang dami kasing trabahong naghihintay sa akin. Hindi rin ako mapapahinga kung maraming alalahanin.”

Bahagya itong ngumiti. “Magkaedad lang tayo, Janine, pero mukhang mas workaholic ka sa akin. Dalaga pa rin ba?” anito na ang mga mata ay nakatitig sa kanya.

Napakakaswal ng tanong na iyon ni Gabriel. Tono ng simpleng pagtatanong pero parang gustong mag-init ng magkabila niyang pisngi. Or maybe, nagiging defensive lang siya sa kalagayan.

Kailanman ay hindi niya ikinahiyang dalaga pa siya sa edad na beinte y siete. Most of her colleagues were even older than she was and proud of being single.

“I guess you still are. Ang laki ng ipinagbago mo... physically. You look quite successful,” ani Gabriel nang hindi siya sumagot. Hindi niya alam kung papuri iyon o ano. “I heard about what happened to your

parents. Nakikiramay ako.”

“T-thank you.” Hindi niya alam kung paano makikipag-usap dito. Karaniwan ay very articulate siya pero sa harap nito ay tila naumid siya.

Parang hindi pa rin siya makapaniwala na kasama niya itong kumakain ngayon.

“Mahina pa ang kaliwang binti ko. Two days ago ay nanggaling ako sa therapist. Hindi pa raw pwedeng puwersahin nang husto. Kung malalaman niya na nagmaneho ako, magagalit iyon,” kuwento nito.

“Bakit mo pinilit? Bakit hindi ka nagsama ng driver mo?”

“For more than a month now ay wala akong ibang nakita kundi ang loob ng bahay ko. This is the first time na nakalabas ako. And I don’t want anybody telling me what to do or what not to do. I know what’s best for me. Besides, bakit ko naman ipapahamak ang sarili ko?”

Napatitig si Janine sa kausap. He sounded very much like the Gabriel she knew. Stubborn, may sariling disposisyon, ayaw na pinangungunahan. Hindi niya alam na masyadong tumagal ang pagkakatitig niya sa lalaki.

Tumawa ito. “The way you look at me, parang kinokonsyensya mo ako. Para kang ang Mama, Janine, though hindi ka lang nagsesermon. So, mali ang huli kong sinabi. Binabawi ko iyon.”

“I thought you were going to justify it,” aniya.

“Ang pagmamaneho nang lasing? I’m not the first person to do it. Lahat ay may iba-ibang katuwiran. Mine, I want to keep it to myself.”

She was about to speak nang tumaginting ang tunog ng mga kopitang tinatapik ng tinidor. Mula sa presidential table ay nakatindig ang best man, offering a toast to the newlyweds. Naghalikan ang dalawang bagong kasal.

“They look so sweet, don’t they?” baling sa kanya ng katabi. “Ganyan din kami noon ni Rina.” May lungkot na bumahid sa tinig nito.

May kirot na nadama sa dibdib ang dalaga. Kahit walang karapatan ay nakadama siya ng pananaghili sa binanggit nitong babae. Halata ang matinding pagmamahal ni Gabriel sa namayapang asawa.

“We could talk about something else kung hindi mo siya gustong pag-usapan pa,” aniya sa kawalan ng masasabi.

“No, it’s okay. I like talking about her. Lalo na pag ganitong nami-miss ko siya nang husto. It’s been three years since nawala siya.”

“Gabriel...” She could see the longing in his eyes. At sa gitna ng masayang okasyon ay alam niyang hindi ito mapipigilang magkuwento.

“Nasa huling taon na ako noon ng master’s ko when I met her. Exchange student siya roon. Alam mo naman sa abroad, when you meet somebody na kababayan mo, parang may bonding kayo kaagad. Lalo na sa amin. Pareho kami ng alma mater noong college. In a short time, we fell in love.”

Gusto niyang patigilin ito pero hindi niya magawa.

“When I finished my master’s degree, pinakasalan ko siya. Pumunta ang mga parents namin sa Amerika para saksihan ang kasal. Ibinili kami ng bahay ni Mama sa *Millionaire’s Village* bilang regalo.”

Wala pa rin siyang imik, nakikinig lamang.

“Isang taon na lang at makaka-graduate na siya. She decided na kung saan ko gustong naroon siya ay susunod siya. Sinubukan ko siya. Sabi ko’y ayokong nagtatrabaho ang asawa ko dahil kaya ko naman siyang buhayin. She didn’t complain. Mabuti rin

daw iyon, maaalagaan niya kami ng magiging anak namin.”

Naitanong niya sa sarili kung magagawa rin niya ang ganoon. Hindi niya alam.

“Pakiramdam ko noon, I was the luckiest man on earth. Imagine, nagsikap makapag-aral si Rina sa abroad pagkatapos ay papayag na maging plain housewife para lang sumunod sa gusto ko?” Huminto ito sa pagsasalita. Naging lagpas-lagpasan ang tingin nito sa kanya.

“Last month na namin iyon sa Amerika. Kaga-graduate lang niya at nag-e-enjoy na lang kami ng bakasyon. Tuwang-tuwa ako when I learned that she was two months pregnant. Niyaya ko siyang lumabas kami. Ang saya-saya namin nang pauwi na kami. Then we met an accident. Sinuro kami ng isang bus. At hanggang ngayon ay hindi ko maintindihan kung paanong si Rina ang namatay at hindi ako gayong sa side ko ang mas napinsala ng bus.”

“Gabriel...” mahinang sabi niya para makabawi ito sa damdaming bumabangon sa dibdib nito. “I know how you feel. My parents died in an accident just recently.”

There was great pain in his voice when he spoke.

“Noong isang buwan o noong isang taon. Pareho rin iyon, Janine. Masakit pa rin dito.” Dinutdot nito ng hintuturo ang tapat ng puso. “Dahil mahal sa iyo ang taong nawala.”

May kumislap na luha sa kanyang mga mata ngunit maagap niyang pinigil.

Gusto sana niyang mag-usap pa sila ni Gabriel ng ibang topic pero tapos na ang reception at may naghihintay nang trabaho sa kanya.

Tumanggi man ang puso ay nagpaalam na siya rito at bumalik sa opisina.